REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN

KAPASIYAHAN BILANG 73

KAPASIYAHAN NA NAGTATALAGA NG POSISYONG RECORDS OFFICER SA PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA.

SAPAGKAT, ANG PAGKAKAROON NG ISANG "records officer" ay lubhang kailangan upang siyang mag-ingat at magtago ng mga mahahalagang dokumento, papeles at iba pang talaan na nauukol sa pamahalaang bayan;

SAPAGKAT, ang pag-iingat ng mahahalagang dokumento, papeles at ang maayos na pangangasiwa at pagsasaayos nito ay makapagbibigay ng madaliang paghahanap kung kakailanganin ang mga ito;

SAPAGKAT, ang pagkakaroon ng mangangasiwa upang mangalaga o mag-ingat ng mga mahahalagang rekord simula sa pagkakalikha nito sa pamamagitan ng pagpapanatili, pagsisiyasat, pagkakalinga hanggang sa pagkasira nito ay lubhang kailangan;

NGAYON DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay napagpasiyahan at pinagpasiyahan pang muli na magtalaga ng "records officer" sa Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa na siyang mag-iingat ng mga mahahalagang dokumento o papeles ng pamahalaang bayan.

PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila sa kanilang pang-apatnapu't tatlong (43rd) pangkaraniwang pulong na ginanap noong ika-16 ng Enero, 1989.

PINATUTUNAYANG TUTOO:

Atty. IGNACIO R. BUNYE
Punong Bayan/Pangulong Opisyal

PINATOTOHANAN :

RAUL R. CORRO
Kalihim Bayan

PINAGTIBAY: Enero 9, 1989

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN



Kapasiyahan blg. 73

KGG. JAIME R. FRESNEDI
Pang.Punong Bayan/Pang.Pangulong Opisyal

KGG. CARLO G. TENSUAN
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

KGG. EPIFANIO A. ESPELETA
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. NEMESIO O. MOZO
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

RRC?vts